**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**
**FEBRUARY 28, 2022 (11:00 A.M. – 12:02 P.M.)**

**USEC. IGNACIO:** Magandang umaga, Pilipinas at sa lahat ng ating mga kababayan sa iba't ibang panig ng mundo. Ako po si Usec. Rocky Ignacio, ngayon po ay Lunes, huling araw ng Pebrero.

Simula bukas, March 1st, asahan na po ang pagsisimula ng new normal sa bansa alinsunod sa nakatakdang pagpapatupad ng Alert Level 1 sa Metro Manila at tatlumpu't walo pang mga lugar sa Pilipinas. Bukod diyan, muli nating kukumustahin ang lagay po ng ating mga kababayan sa ibang bansa partikular sa Ukraine at ang nagpapatuloy pa ring epekto ng kaguluhan doon dito sa Pilipinas.

Ang detalye ng mga balitang iyan aalamin natin dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

Ilalagay na nga sa pinakamababang alert level ang Metro Manila at higit tatlumpung lugar pa sa bansa simula bukas. Ngunit paglilinaw ng pamahalaan, kahit Alert Level 1 na, mandatory pa rin ang pagsusuot ng face mask mapa-outdoor man o indoor. Ang iba pang paunang guidelines na iyan alamin natin mula sa report ni Mela Lesmoras:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Kaugnay pa rin sa nalalapit nating pag-shift sa Alert Level 1 o iyon pong tinatawag na new normal dito sa Pilipinas, makakausap po natin si OCTA Research Fellow Dr. Guido David. Good morning, Professor. Welcome back po sa Public Briefing.

**OCTA RESEARCH DR. DAVID:** Hi. Good morning, Usec.

**USEC. IGNACIO:** Professor, ano po ang masasabi ninyo dito sa pagbaba sa Alert Level 1 ng maraming lugar dito sa Pilipinas including Metro Manila? Ito po ay sa gitna na halos hindi pa po bumababa sa isanlibo ito pong naitatalang mga kaso ng COVID.

**OCTA RESEARCH DR. DAVID:** Yes, Usec. Although nakita naman natin na malapit na siyang bumaba below 1,000 cases per day, iyong mga nakita natin over the past few days a little over 1,000 and we're expecting by tomorrow ay bababa na iyan to less than 1,000 cases.

So medyo marami nga iyong binaba to Alert Level 1, Usec. Rocky, and hindi lang naman iyong numbers 'yung tinitingnan ng mga decision-makers ng Inter-Agency Task Force, isa ring consideration iyong vaccine coverage especially iyong mga senior citizens kasi alam naman

natin sila iyong pinaka-vulnerable para in case magkaroon ng… may infection na mangyari ay protected iyong mga seniors kung vaccinated mostly sila.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Matagal na pinag-usapan itong Alert Level 1 sa Metro Manila kaya po parang hindi na rin po tayo nagulat ano. Pero sa palagay ninyo ay handa rin po ba ang iba pang mga lugar na idineklara po under Alert Level 1?

**OCTA RESEARCH DR. DAVID:** Well, Usec., ang nakikita naman natin mababa na rin iyong cases dito sa mga other regions na nilagay sa Alert Level 1. So hopefully iyon nga, 'pag mataas iyong vaccine coverage nila ay mami-mitigate iyong mga possible infections of the unvaccinated kasi mostly unvaccinated siyempre iyong mga mataas iyong hospitalization rate, Usec.

So hopefully ready na rin sila, I can't speak for the local governments and the public pero at the same time, Usec., we need this na rin eh – I mean we have to balance public health and the economy pero with the growing concerns worldwide/internationally iyong—especially iyong Ukraine-Russia war, we have to be able to keep up with the economic impact and this is one way of keeping up with the economic impact, we have to take some risks din and reopen the economy.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Professor, kumusta po iyong hospital utilization rate, average daily attack rate, itong vaccination rates sa mga lugar na ito, kung may datos po kayo 'no?

May kaugnayan po dito iyong tanong ni Lei Alviz ng GMA News: Ano daw po ang updated case trend, bumagal ba ang pagbaba ng mga kaso? Ano daw pong projection sa NCR at sa buong bansa under Alert Level 1?

**OCTA RESEARCH DR. DAVID:** Well, Usec., regarding sa question ni Lei Alviz, medyo bumagal nang konti iyong pagbaba ng bilang ng kaso sa Metro Manila pero bumababa pa rin naman – we're still at around 300 cases per day more or less sa Metro Manila. Iyong health care utilization naman sa Metro Manila is around 24 to 25 percent and this is already comparable with the lowest level we saw last December. So this is a good indicator na even though mas mataas pa nga iyong cases kaysa last December, iyong health care utilization is already comparable.

I don't have the data in front of me doon sa lahat ng mga LGUs and ng mga provinces na nilagay sa Alert Level 1. Ang nakikita ko naman for the most part, yes, mababa iyong health care utilization – I think this is the main consideration kung bakit may mga iba hindi pa nalagay sa Alert Level 1 because mataas pa iyong health care utilization nila.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sa Greater Manila Area, naiwan po ang Rizal sa Alert Level 2 samantalang nasa Alert Level 1 na po ang Bulacan, Cavite kasama po iyong Laguna. Sa ngayon ay kumusta po iyong datos ng COVID-19 cases at vaccination rate dito sa Rizal?

**OCTA RESEARCH DR. DAVID:** Yes, Usec. I think iyong—it's possible na iyong vaccine coverage ng Rizal ay hindi pa pasado. Kasi based doon sa numbers na nakikita namin in terms of ADAR, positivity rate, sa health care utilization rate ay pasok naman sila doon sa possibly sa Alert Level 1 but I think it's the vaccine coverage. I don't have the data rin in front of me doon sa vaccine coverage. Ang isang tinitingnan especially is iyong vaccine coverage for seniors and baka hindi sila umabot – I mean, I don't have the data, so I'm just guessing kung ano iyong mga possibly nakita nila kung bakit hindi nilagay to Alert Level 1 ang Rizal.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero ano naman po iyong masasabi ninyo sa updated metrics na pinagbasehan po ng pamahalaan para matukoy kung anong mga lugar ang pasok dito sa Alert Level 1 at sa Alert Level 2?

**OCTA RESEARCH DR. DAVID:** Well, Usec., iyong metrics mismo na ginagamit ng pamahalaan, again hindi siya exactly the same sa ginagamit namin. Ang isa sa mga main metrics na ginagamit nila ay iyong vaccine coverage and I don't have the detailed vaccine coverage sa mga local government and sa mga provinces pero these are ano naman, very reasonable and in line with the international standards. Iyong vaccine coverage, ano talaga 'yan… this is very understandable and also logical kasi siyempre kung magkaroon ng mga infections, kung covered naman with vaccine especially iyong mga senior citizens natin ay hindi magiging mataas iyong hospital utilization natin. So ito iyong mga primary na pinuprotektahan natin especially iyong mga vulnerable sector ng population.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Base po sa projection ng OCTA, kailan po makakabalik nga dito sa nabanggit ko na rin kanina na three-digit o less than 1,000 daily cases na naitatala sa Pilipinas kung magpapatuloy po ang current trends?

**OCTA RESEARCH DR. DAVID:** Yes, Usec., sana magpatuloy nga. We're projecting na by tomorrow less than—I mean nasa triple digit na lang iyong number of cases natin sa buong bansa and by next week definitely tuluy-tuloy na iyan na daily – we won't be seeing more than 1,000 cases. Of course, hindi natin mapi-predict kung magkakaroon ng spike but we are hoping na tuluy-tuloy na iyan at hindi magkakaroon ng spike. And kaya nga kailangan patuloy na sumusunod tayo sa minimum public health standards, sa health protocols.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Professor, may tanong po iyong kasamahan natin sa media. Mula kay Mark Fetalco ng PTV: Ilang percent po tiyansa daw na magkaroon ulit ng surge given ngayong election season at sa vaccination rate na mayroon ang bansa?

**OCTA RESEARCH DR. DAVID:** Yes, Usec. Mahirap magbigay ng percent—kung ano iyong percent chance na magkakaroon ng resurgence. Iba-iba iyong situations na nakita natin in other countries – mayroong mga countries na nakita natin iyong kung ano nangyayari during the election season. For example, Chile is one of them at nakita natin na siyempre medyo affected iyong numbers nila pero hindi naman nagka-resurgence pero parang nag-plateau sila. So this could be what's happening in NCR for example, baka nagpa-plateau na siya at around 300 cases per day. Hindi pa iyan guaranteed kasi puwedeng bumaba pa iyong number of

cases, I mean it's just a possibility. And kung mag-plateau rin naman siya at around 1,000 cases per day nationally and mga 300 per day sa NCR, actually it's okay – this is manageable and it should not pose a public health concern.

**USEC. IGNACIO:** Opo. May tanong po iyong kasamahan pa natin sa media, mula po kay Sam Medenilla ng Business Mirror: Ano po ang reaksiyon ng OCTA Research sa regulations ng IATF for Alert Level 1? Is it sufficient to prevent possible spread of infection? If not, ano daw po kaya ang puwede pang i-improve sa nasabing guidelines?

**OCTA RESEARCH DR. DAVID:** Yes, Usec., mahaba iyong guidelines ng Inter-Agency Task Force. We support the guidelines, of course iyong details niyan puwede nating i- dissect if we have more time pero I think ano naman, these are reasonable. And as I mentioned, yeah, wala namang perfect and we have to take on some risks din but we think that the risks are minimal. And like I also mentioned, especially with the, you know, Ukraine-Russia conflict, it changes the, you know, iyong importance of things and that's why it's also important for us to make sure na iyong economic recovery natin is on its way so that ma-minimize iyong impact ng effects ng other countries sa ating situation.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Follow up na tanong naman po ni Lei Alviz ng GMA News: May case projection na po ba under Alert Level 1? Inaasahan bang tataas ang cases with higher mobility?

**OCTA RESEARCH DR. DAVID:** Usec., we are projecting na cases will either continue to decrease although baka bumagal na iyong rate of decrease or baka mag-plateau na rin siya at around—but right now it's around 1,000 cases per day so kahit mag-plateau siya, again, it's not really going to be a public health concern. Pero we are actually projecting na it will continue to decrease hopefully down to around 500 cases per day sometime March – siguro by mid-March.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Professor, kunin ko na lamang iyong mensahe mo o paalala sa ating mga kababayan ngayong simula na po bukas ang new normal dito sa Pilipinas.

**CTA RESEARCH DR. DAVID:** Yes, Usec, maraming salamat ulit sa pag-imbita.

At sa mga nakikinig na mga kababayan natin, again, nandiyan pa iyong virus so let's continue to follow minimum public health standards. You know, kung public health lang naman tinitingnan natin we can be super cautious pero at the same there are other growing concerns, iyong economy, iyong impact nitong Ukraine-Russia conflict and that's why we have to take on some risks. We believe that the risks are not significant, so we can safely move to Alert Level 1 especially in areas na mataas na iyong vaccine coverage.

That will help prevent spikes and resurges of cases pero again, we must continue to follow minimum public health standards and let's continue to help each other. Let's be vigilant and, iyon nga, let's pray and hope for the best.

Maraming salamat at magandang umaga, Usec.

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat din po sa inyong panahon, Dr. Guido David mula po sa grupong OCTA Research.

Samantala, patuloy pa ring nakatutok ang buong mundo sa nagpapatuloy na tensiyon sa pagitan ng Ukraine at Russia at ang pangunahing prayoridad ng ating pamahalaan ang kaligtasan po ng ating mga kababayan doon. Kaugnay diyan, makibalita po tayo mula kay DFA Undersecretary for Migrant Workers Affairs. Sarah Lou Arriola.

Usec, magandang umaga po.

**DFA USEC. ARRIOLA:** Good morning, Usec.

**USEC. IGNACIO:** Kumusta po ang naging pagbisita ni Secretary Locsin sa Poland nito pong weekend? Ilan na pong mga Pilipino ang mapapabalik sa Pilipinas at saan sila nanunuluyan ngayon?

**DFA USEC. ARRIOLA:** Well, actually, it was a very nice visit and it was also very emotional kasi alam po ninyo, kapag babagtasin mo talaga iyong border, twenty kilometers po iyong pila ng mga sasakyan. Iyan pong ipinapakita ninyo, naka-cross na po talaga sila.

Well, 13 po iyong mga nakatawid, twelve adults and one baby. They are now in Warsaw, nasa isang hotel po sila doon, hino-host po sila ng ating embahada at they just took their RT-PCR test and kapag nag-negative po sila, makakalipad na po sila tonight or the latest, tomorrow po at sasalubungin po namin sila sa airport.

Iyong iba naman po nating mga kababayan, we're happy to announce na iyong anim na nakapasok na sa Moldova. Kasama po diyan ang isang medical student at dalawang Pilipina na married to Ukrainian, tapos iyong isa po ay dala pa niya iyong kaniyang anak na baby rin po. Tapos iyong iba po doon, nagwo-work naman sila sa mga international organizations.

And then we have at least ten people who are in Lviv now, we're still waiting for others for repatriation. We're still waiting for others to join them tapos itatawid na ulit na namin po sila sa border ng Poland.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, ano po iyong magiging protocol sa pag-uwi nila dito sa Pilipinas?

**DFA USEC. ARRIOLA:** Well actually, basta fully vaccinated, I think wala na naman talagang *[unclear]*, pero of course we made sure na before they or that we already gave all the adults at least $200 financial assistance para mayroon naman silang pagsisimulan plus tapos siyempre kailangan din psychosocial counseling kasi hindi pa natin alam kung na-war shock ba sila o kung ano man iyong pinagdaanan ng ating mga kababayan. Pero we stand ready with other government agencies to receive them.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Usec, nadagdagan po ba itong 181 pa lang na nasa 350 Filipinos sa Ukraine na-contact ng DFA at ano po iyong ginagawa ng pamahalaan para talagang ma-reach out po iyong iba pa?

**DFA USEC. ARRIOLA:** Actually, ano eh, we are reconciling our data kasi dito rin po sa capital, dito rin sa Manila, tumatawag na rin kami, ginagamit na namin iyong mga Facebook pages. Apparently, we discovered that there are 33 people na nandoon sila ngayon sa Lviv pero ayaw nila *[umuwi]*. Mayroon pa rin pong maraming Pilipino na lumilikas sila papuntang Lviv pero ayaw nila nila magpa-repatriate, they just want to wait it out and wait and see.

So, what we're trying to do is to be in constant contact with the Filipinos who choose to stay and at least know where they are and also at the same time give them assistance or care packages kung kinakailangan po nila ito. Kasi iyong mga Pilipino po, iyong iba po married to Ukrainians so ayaw rin nilang mahiwalay sa kanilang mga pamilya.

Iyong iba naman po, mga household service workers na ayaw ring iwanan iyong kanilang mga employers. Iyong iba, mga teachers, tapos may mga kababayan din tayo na feeling nila gusto na lang nilang i-wait out, maghintay lang talagang matapos iyong kaguluhan at ayaw muna nilang umuwi kasi they like their quality of life there. They like it in Ukraine and they think na matatapos din ito. Iyong iba nga po sinasabi nila, "Kaya namin kahit two to three months, we will just wait it out po."

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero ano po iyong assistance na ibibigay ng ating pamahalaan dito po sa handang maghintay ng kahit dalawa o tatlong buwan para tingnan kung ano talaga iyong kahihinatnan ng Ukraine, Usec?

**DFA USEC. ARRIOLA:** Usually, iyong mga nag-reach out na sa embassy, iyong mga nasa Lviv, binigyan na ho sila ng $200 each. Actually, may nagsabi nga doon na hindi naman daw sa pagmamayabang, marami naman daw silang ipon at kaya nila talaga na mag-stay doon for a while.

I think ano lang po, basta kami ang sinasabi namin, we are there. We have a consulate in Kyiv, doon po sa capital, it remains open. We will give all kinds of assistance – food and care packages and or kung doon din po may presence po tayo, iyong ConGen po natin nandoon din sila sa Lviv.

So, iyon po ang nag-aalaga sa ating mga gustong magpa-repatriate at doon din po sila kumukuha ng listahan sa mga nandoon lang sa Lviv pero humiwalay po doon sa embahada but they just want to stay there for a couple of months and mag-wait and see po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, para sa mga Pilipino doon na nagkapamilya na, kung sakali po ba puwede ring sumama sa repatriation nila iyong kanilang mga asawa at mga anak pauwi dito sa Pilipinas?

**DFA USEC. ARRIOLA:** Actually, wala po tayong balakid eh. IATF rules allow lalo na ngayon nagluwag na. Pero ang problema po, I think 18 years old to 60 years old na mga kalalakihan ay pinapa-stay po sa Ukraine para lumaban.

So, iyon po iyong problema ng ilan sa atin kasi ayaw din nilang mahiwalay sa kanilang mga asawa at kung pinapayagan man silang umuwi, minsan iyong mga asawa naman ayaw din naman nila na pasamahin iyong mga anak.

So, marami po sa ating mga kababayan ang nagtsu-choose na lang talaga sila na mag-stay muna kasi of course, mahirap din pong mahiwalay sa kanilang mga pamilya.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong naman po ni Cresilyn Catarong ng SMNI: Kung sakali daw po ba ay handang tumanggap ang Pilipinas ng refugee mula sa Ukraine?

**DFA USEC. ARRIOLA:** Well, actually, wala pa naman pong ganoong pagri-reach out ang Ukraine sa atin but the Philippines always has an open-door policy ever since, even World War 2 na tumatanggap po talaga tayo ng mga refugees.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kumusta naman daw po iyong mga Filipino seafarers na nakasakay dito sa dalawang barkong tinamaan ng rocket at ng bomba malapit sa Ukraine? Nakipag-ugnayan na po ba sila sa DFA?

**DFA USEC. ARRIOLA:** Actually, iyong mga manning agencies po nila iyong nakipag-ugnayan sa amin. Iyong isa po, MV Namura Queen, ito po iyong may tinamaan pong isang Pilipino sa shoulder 'no. Hindi naman fatal pero dapat po nakarating na po sila sa Turkey by this time. Iyong Yasa Jupiter naman po, may 11 Filipinos po doon, wala naman pong nasaktan.

Iyon nga po, ang problema po ngayon dahil sa kaguluhang ito, nadadamay po iyong mga civilian merchant ships 'no. And we are constantly monitoring iyong mga pangyayari sa Black Sea dahil marami rin po ang nagri-reach out sa amin. We will give updates as we receive them *[and we monitor]* talaga, the situation of our seafarers.

Alam po natin, Usec. Rocky 'no, tayo po iyong isa sa mga bansa na may pinakamalaking number of seafarers talaga. So, the chances are, basta may barko kahit cruise ship siya or cargo or bulk carrier, may Pilipino po doon sa ship na iyan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, habol ko lang ano. May inaabangan pa po ba tayong mga Pilipino na nanggaling Kyiv na papuntang Lviv ngayon?

**DFA USEC. ARRIOLA:** Opo, mayroon pa pong gustong humabol. Kasi po wala na pong mga buses pero iyong train po mula Kyiv is free. So, makikita naman po natin sa television medyo punuan, so hintayan po sila doon para sabay-sabay na po silang tumawid po sa border?

**USEC. IGNACIO:** May bilang po ba tayo ng inaabangan pa rin po nating mga kababayan mula dito sa Kyiv papuntang Lviv?

**DFA USEC. ARRIOLA:** Kausap ko po kagabi si Kyiv ConGen [Mardomel] Melicor, mga pami-pamilya daw po around four or five. May mga nagri-reach out pa rin po na tuluy-tuloy. So, we are still waiting na dumating sila lahat sa Lviv for the second batch po of border crossing.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, makikibalita na rin po kami naman sa lagay naman ng mga kababayan natin dito sa Hong Kong. Sa ngayon, ano po iyong assistance na naipaabot na natin dito po sa mga apektadong Pilipino doon dahil sa COVID-19 surge?

**DFA USEC. ARRIOLA:** Actually, 77 po sa kanila iyong nag-reach out sa Hong Kong Consulate and the Hong Kong Consulate, sa tulong din po ng ating mga kababayan doon at ng mga NGOs, nakahanap po ng quarantine facilities para sa kanila.

Confirmed 108 po ang positive. Patuloy po, every day nagbibigay po ng advisories iyong konsulado at nakahanda po iyong konsulado na mag-assist sa kahit sinong Pilipino na nangangailangan ng tulong 'no.

I think now, things are better in Hong Kong dahil nakapag-adjust na sila. Nagulat lang talaga sila last week na from zero to six thousand iyong pagtaas ng infection rate pero ngayon mayroon na rin silang bagong facility na 20,000 bed capacity for isolation.

So, things are getting better but we continue to pray for them and the Philippine Consulate in Hong Kong through our ConGen Raly Tejada po, stands ready to assist any Filipino who needs help.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, ulitin lang natin ano. Ilang mga Filipino workers iyong may active COVID cases pa sa Hong Kong?

**DFA USEC. ARRIOLA:** 108 po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, kami po ay nagpapasalamat sa inyong pagsama sa amin. Kunin ko nalaman iyong mensahe ninyo sa ating mga kababayan.

**DFA USEC. ARRIOLA:** Sa mga kababayan po natin saan man po kayo sa mundo, kapag mayroon po talagang pangangailangan, huwag po kayong mag-atubili na lumapit po sa ating mga embahada at saka sa ating mga consulate general.

Doon po sa ating mga kababayan po sa Ukraine, please reach out to us. Kung hindi ninyo po makontak and ating embassy, iyong OFW Help po is open and I'd like to take this opportunity also, Usec, to say that this afternoon at 4:30, OFW Help will be talking to our ambassador in Poland to get some updates and it's going to be live on Facebook, sa OFW Help po ng DFA.

Maraming salamat po, Usec.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po sa inyong impormasyon at panahon, USec. Sarah Lou Arriola. Mabuhay po kayo, Usec.

**DFA USEC. ARRIOLA:** Thank you po.

**USEC. IGNACIO:** Sa ibang balita, nasa tatlong daan na (300) residente naman po mula sa Pasong Tama, Quezon City na apektado rin ng pandemya ang kabuhayan ang hinatiran ng tulong kamakailan ng pamahalaan at ng tanggapan ni Senator Bong Go. Ang ilan sa kanila, solo parent. Narito ang detalye.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Samantala, kunin din natin ang reaksiyon ng medical sector tungkol po sa pagluluwag ng restriction sa Metro Manila at 38 pang mga lugar sa bansa simula bukas, makakausap po natin si Dr. Benito Atienza, ang presidente ng Philippine Medical Association. Good morning po Doc Atienza.

**PMA PRES. DR. ATIENZA: G**ood morning po again, Usec. And maganda pong umaga sa atin mga nakikinig.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc, ano po iyong pahayag o reaksiyon ng Philippine Medical Association sa pagpapatupad na po ng Alert Level 1 sa Metro Manila at ilan pang mga lugar sa bansa, ito po ay magsisimula bukas?

**PMA PRES. DR. ATIENZA:** Yes po. Ang ano po naming is talaga naman pong dadating diyan sa puntong iyan na malapit na tayo sa new normal. Ang inaano po natin, sa ating mga kababayan, sana po sundin pa rin natin ang ating minimum health protocol kahit na po anong alert level ang ibigay ng gobyerno at sana po sundin natin kasi nakita po natin na talagang nagiging complacent po ang mga tao kasi katulad nga po noong kahit level 2, ang dami-dami pa ring mga magulang na dinadala ang mga bata sa mall, sa ibang places na kulong po although wala pa po silang bakuna.

Katulad po pinaliliwanag po natin sa kanila, marami po tayong bakuna ngayon sa mga health centers at sa ating vaccination centers po for our five to eleven years na marami pa rin pong hindi nababakunahan at ang panawagan natin para tayo po ay magtuluy-tuloy na sa new normal ay ito na ang pagkakataon para makalabas sila para magpabakuna kasi mayroon pa po tayong 200,000 daw po na persons with comorbidity tapos mayroon po tayong mga two million na mga senior citizens na walang bakuna. Sana po magpabakuna na sila para tuluyan na pong maabot natin iyong new normal.

At pinaalalahanan po natin ang ating mga mamamayan kasi iyong transportation ipu-full capacity na rin at saka itong mga ano po, mga iyong closed areas na puwede nang mga 70% ay

puwede na silang mag-occupy ng indoor tapos sa labas po wala ng pong bilang iyon, puwede na lahat. Kaya po sinasabihan po natin lalo na ngayon mag-e-eleksyon, magho-Holy Week ay sundin pa rin natin ang minimum health protocol lalo na po iyong mga sasakyan, sa mga buses, lalo na na iyong mga aircon tapos iyong dapat sa bahay dapat iyong air flow natin dapat ay ma-maintain po natin na may hangin na pumapasok, lumalabas sa ano po hindi tayo kulong na kulong.

And ang panawagan natin sa mga magulang na lalo po ngayon na na ano na po sa NCR at sa mga karatig probinsya ay anuhin po natin hikayatin po natin iyong mga zero to two, iyong mga bagong anak noong nag-umpisa po ang COVID ay hanggang ngayon ay marami po duyan ay hindi pa nababakunahan. Puwede na po ninyong dalhin sila sa ating mga centers iyong mga zero to two na na-miss po ang kanilang bakuna at pabakunahan po. Ito ang tawag nating catch up. Kasi po iyong pinanganak noong umpisa ng ano ay ngayon ay dalawang taon na po iyan, marami po diyan walang bakuna. Ayan po iyong katulad ng BCG, DPT, six in one. Sana po ay dalhin nila para magkaroon po ng tinatawag na catch up vaccination sa ating mga centers tuwing Miyerkules. Naapektuhan lang po ito kasi natutok po ang ano natin sa COVID-19 vaccination, pero ngayon po puwede na pong magpabakuna lalo na po dadating po ngayon ang ating mga bakuna ng flu ngayong April, March at March, April ay dapat po ang mga seniors natin mabakunahan ng flu para proteksyon pa rin sa ating kalusugan at sinasabi natin hindi lang po sa COVID nakatutok ang DOH, ito po ay nakatutok din sa mga vaccine preventable disease, ito po iyong mga measles, rubella, iyong polio.

Hindi po kaila na mayroon ng na-discover na polio doon po galing daw po sa ibang bansa na nasa ay hindi makarating dito kasi ang polio po eradicated na. Kaya dapat po anuhin natin ang ating mga mamamayan na hindi pa nakakapagpabakuna, hindi lang po sa COVID pati po iyong ibang bakuna sa mga bata na mapi-prevent-an po nito ang kanilang kalusugan at tinatawag nga po namin na sinabi ko kanina na iyong atin pong vaccine preventable diseases na hindi po natin alam baka mamaya po magsa-summer dadami na naman ang cases ng mga measles ganoon po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc Ben, pero sang-ayon din ba kayo dito sa bagong metrics o criteria na pinagbasehan ng pamahalaan sa pag-anunsiyo po ng mga lugar na nasa Alert Level 1 kabilang po ditong iyong less than 50% bed utilization rate at mataas na vaccination rate sa mga lugar o lalawigan?

**PMA PRES. DR. ATIENZA:** Ayun nga po ang problema po natin by region dapat po talaga ang pag-ano ng alert level kasi nga marami pa po tayong mga areas na wala pong bakuna at saka sabi po nga natin kahit marami na ang may bakuna dapat nagpapabigay pa rin ng boosters. At saka ang inaalala lang po natin dito sa pagluluwag iyon pong hindi nabakunahan.

Kaya po iyon ini-emphasize namin mayroon pa tayong dalawang milyon na mga may comorbidity at saka hindi kaila sa atin, marami pa ring daily hindi pa nababa ng o minsan 50 to 100 pa rin ang mga deaths due to COVID. Ayun po ang inaano natin kaya nga ang sabi po natin

at ito pong karamihan dito sa mga namamatay na ay walang bakuna at saka iyong kaunting naoospital pa rin.

Dapat pa rin maging ano tayo mapagmatyag at hindi tayo maging complacent. Kasi nga sabi nga natin kahit tayo ay may bakuna puwede tayong mahawa at makahawa, paano naman po iyong walang bakuna, wala silang proteksyon. Iyon po iyong inaano natin lalo na iyong mga bata, paano sila makakapasok sa eskuwelahan kung wala pa silang bakuna at sana pabakunahan na natin para dire-diretso na iyong pagpunta natin sa new normal.

Ang magiging problema lang po natin ay iyong labas-masok kumbaga iyong sa Alert 1, sa alert o—kung iyong probinsya ninyo ay nasa Alert 2 tapos iyong iba naman nasa Alert 1. Iyon pong, sundin natin iyong mga tamang protocol kasi nga mahirap diyan iyong NCR palagi ang natatamaan 'pag nagkaka-surge at siguro naman kung susundin natin ang ating protocol na sana ay magpabakuna at huwag munang ilabas iyong mga, mga walang may bakuna. Pabakunahan muna natin kasi nakita ko po lalo dito sa probinsya, iyong mga malls kapag Sunday talagang ang dami na pong mga bata, hindi na po nasusunod iyong kukunan ng temperature. Sa dami ng pumapasok hindi na po kaya ng guwardiya na i-check ang temperature at saka po iyong kanilang dati po chine-check iyong vaccination card, ngayon hindi na kasi kasama iyong mga bata. Kung minsan apat, limang bata ang kasama ng buong pamilya nandidiyan eh sana po naman sundin natin iyong protocol kung hindi man kaya nung mga guwardiya na mag-ano sana tayo mismong mga mamamayan ang mag-limit po. Kasi ang capacity po ng ano hindi naman natin kayang sabihin ang capacity ng mall ganoon po 'di ba pero kitang-kita po natin ang dagsa ng mga tao.

**USEC. IGNACIO:** Yes opo. Doc Ben, iyan nga po kasi simula bukas magiging full capacity na nga po iyong sa mga workplace, public transportation pati po itong business establishment dito nga sa Alert Level 1 bukod pa po diyan iyong may campaign sorties. So para sa inyo, may kailangan bang idagdag na higpitan ang restriction under Alert Level 1 pa rin?

**PMA PRES. DR. ATIENZA:** Yes po. Sa akin kasi ano, iyong Alert 2 ay parang 1 na siya kung makikita ninyo iyong katotohanang nangyayari. Sana hindi ganoon, kung ano iyong alert dapat nasusunod kasi nga iyong Alert 2 ang dami ng tao e di sabi ko iyong Alert 1 e di talagang mas madami iyon.

Kasi ang problema natin by March 25 magkakaroon na ng campaign sa local, iyong local iyong mahigpit, iyong national hindi pa masyado kasi ano sila by region sila mag-ano pumupunta, 'pag nag-campaign na po alam ko ang start ay March 25 dapat higpitan po talaga iyong mga ano kasi iyan na iyong mga pagpupulong, iyong mga ano, by barangay na po iyan. Maglalabasan na iyong mga tao diyan. At saka makikita natin na even iyong sa ano po, iyong makikita natin ngayon ay iyong Holy Week, iyong ganoon po. Iyong simbahan natin dapat po may protocol na masunod ganoon po.

**USEC. IGNACIO:** Opo.

**PMA PRES. DR. ATIENZA:** Kasi diyan po mag-aano iyong mass gathering. Sana po may specific ano po guidelines sa mass gathering.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc. Ben, pero pabor ba kayong i-lift na iyong pagbabawal sa pakikipagkamay, pakikipag-selfie at iba pang physical contact gaya po ng panawagan ng ilang kandidato?

**PMA PRES. DR. ATIENZA:** Sa akin po, kasi kasama po iyon sa health protocol natin, dapat tayo nga mga iyong mga kandidato iyong maging ano po. Kasi sana maging ano po tayo 'di ba bakit kukonti ang may sakit ngayon, kukonti ang may ubo, may sipon in spite na ano, kasi po nagma-mask tayo.

Dapat po iyong maging ano tayo, maging iyong responsible citizen na 'pag may ubo, may sipon huwag na kayong lumabas, mag-stay kayo sa bahay, mag-ano kayo, kung wala kayong COVID mag-quarantine kayo 'di ba? Iyon bang self-regulation na dapat natin kasi doon tayo nagkakahawa-hawa pagka ano, 'pag may ubo, may sipon.

Kita ninyo, kukonti ngayon naoospital kasi walang klase, walang makakahawa kasi kahit even after the pandemic dapat iyon sundin natin na 'pag inuubo ka mag-mask ka, hindi lang ano 'di ba? Dapat maghugas ka ng kamay kasi iyong infectious disease po ay sa paghuhugas ng kamay maiiwasan, napakasimple naman po.

Iyong maging malinis tayo tapos 'pag uubo, huwag sa harapan; dapat ay itatakip po natin nang paganon at ang sinasabi natin hindi lang po during this pandemic kasi pagka maraming tao doon po natin, hindi naman natin malalaman, hindi natin matsi-check if iyong nasa labas kung sino may sakit diyan, may lagnat kaso wala nang magmo-monitor 'di ba.

Kaya ang ano natin nga is sa mga mall nga po ngayon ay nakikita ko po na hindi na chine-check na ngayon halos kasi sa dami ng pumapasok hindi na nila kaya even iyong vaccination card hindi na rin po nila kayang tingnan kung sino ang may vaccine o wala.

**USEC. IGNACIO:** Kami po Doc ay nagpapasalamat sa inyong pagsama sa amin. Kunin ko na lamang po iyong mensahe ninyo at paalala ninyo sa mga kababayan natin ngayong nagsisimula na tayo patungo sa new normal.

**PMA PRES. DR. ATIENZA:** Yes po. Kahit nga po sinasabi ng Philippine Medical Association at ating mga doktor na even ano pong alert ang level ang ilabas ng ating gobyerno ay nasa atin pa rin po ang pag-iingat. Sinasabi natin na kahit malapit na tayo dito sa new normal ay dapat patuloy pa rin natin ang minimum health protocol - maghugas ng kamay, magsuot pa rin po ng mask, iyong social distancing at saka iyong air flow dapat nasa mahanging area tayo huwag tayong nasa kulong kasi hindi lang po ito sa paglipat ng impeksiyon sa COVID para pa rin siya maiwasan iyong mga ibang sakit.

At during this pandemic po, nakalimutan po ng ating ibang mga magulang ang pagpapapabakuna ng zero to two, iyon pong ipinanganak noon, bagong ipinanganak na ngayon ay magdadalawang taon na po iyan, marami po diyan ay hindi pa nababakunahan ng atin pong mga bakuna para ma-prevent po iyong mga sakit, na maiiwasan natin na maibibigay ng bakuna. Iyan po ay iyong mga katulad ng measles, iyan pong pneumonia, may bakuna po tayo sa flu. Iyan na po ay available sa ating mga centers at sana po ay pabakunahan natin ang mga bata, hindi lang po sa COVID.

Para po sa mga puwede na pong bakunahan na mga bata sa COVID ay open po lahat ng ating mga health centers, vaccination centers para sa COVID-19 vaccination for our five to eleven (5-11) years old. At nakakasigurado po kayo na ang mga bakuna po na ibinibigay na iyan ay para sa mga bata at specific po sa bata, at nandiyan po ang ating mga doktor lalo na po ang Philippine Pediatric Society na nag-a-assist sa ating vaccination centers at nagbibigay po ng karampatang medical certificate para po doon sa mga batang na may comorbidities. Marami pa pong bata ang hindi nababakunahan, milyon pa iyan, more than 2 million.

Sinasabi po natin na ang pandemyang ito ay maiiwasan, masusugpo lang natin through pagbabakuna. At nakita po ninyo na sa dami nang nabakunahan sa Pilipinas lalo na sa NCR at karatig na mga lalawigan ay aabot na po tayo sa Alert Level 1 at malapit na po tayo sa new normal. At ano po natin na lahat po ng bawat isang Pilipino ay nasa atin po ang pag-iingat at hindi lang kaya po ito ng gobyerno, kailangan po natin dito ang community, ang ating local government units at lahat po ng mga mamamayan ay magtulung-tulong.

At kami nga, sabi po namin, hindi po kami ang frontliners. Kayo po ang frontliners. Kayo po ang nakakasagap ng impeksiyon, ang mga doktor po ay sa huli at kami po ang naggagamot. Kaya dapat po sa panahong ito, kayo po ang frontliners ngayon.

Iyon lang po. Magandang umaga po.

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat po sa inyong palagiang pagpapaunlak sa ating programa, Dr. Benito Atienza ng Philippine Medical Association.

**PMA PRES. DR. ATIENZA:** Thank you rin po.

**USEC. IGNACIO:** Patuloy naman pong nararamdaman ng bawat Pamilyang Pilipino ang epekto ng kaguluhan sa kanluran dahil sa patuloy na pagtaas ng presyo ng langis at iba pang basic commodities. Ngayong linggo nga po ay inaasahang magkakaroon na naman ng oil price hike sa ikasiyam na sunud-sunod na linggo. Makibalita po tayo mula kay Department of Energy Undersecretary Gerardo Erguiza, Jr. Magandang umaga po, Usec.

**DOE USEC. ERGUIZA:** Good morning po, Usec. Rocky. Magandang umaga po sa lahat ng mga nanunood at tagapakinig. Good morning po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, may panibagong oil price hike na naman po na nakatakdang mangyari for the ninth week this year. Kailan po ba matatapos itong paghihirap ng ating mga kababayan na talaga naman pong umaaray na dahil sa taas ng bilihin?

**DOE USEC. ERGUIZA:** Oo nga po, nakakalungkot din po dahil patuloy na tumataas ho ang ating presyo ng oil products, ano po. Kagaya nang sinabi ko in the past po, nawalan po tayo dito ng tawag na control 'no, sa mga presyo. Kasi ang benchmark po ng ating binibenta sa retail na gas ay depende ho sa world market price dahil ito po ay naisaad sa batas ho na napasa noong 1998. Ito ang Oil Deregulation Law na sinasabi na ang presyo ng gasolina ay mag-uumpisa kung ano iyong presyo sa world market at idadagdag na lang doon kung ano iyong mga ibang cost, like operational cost, administrative, insurance, freight, transportation, etc. At noong October ay naranasan po natin ito. Buti na lang pagdating ng Disyembre ay bumaba ang world market price and at the same time, ngayon ay nagtaas naman at tuluy-tuloy.

Ito ay isang global concern dahil nga po, sabi po natin, magmula ho noong ang pandemic ay nasu-solve na at madami na ang na-vaccinate, dito nga sa atin sa Pilipinas ay mag-a-Alert Level 1 na tayo, lumalabas na siyempre ang ekonomiya ay tatakbo na, uusad, marami ang magtatrabaho doon sa mga companies na mas kailangan ang energy at sa transportation sector mas nangangailangan ho tayo ng mga oil products kaya dumarami ang demand.

At sa buong mundo, ganito rin ang nararanasan nila pero hindi ho nakakasabay ang production 'no, hindi makapaghanda. Kagaya nga ng OPEC, iyong oil producing countries group, mayroon silang commitment as early as October po na magdagdag ng 400,000 a day, hindi pa ho nila na-sustain ito. At iyong United States, medyo bumagal ang production niya dito, na mayroon siyang Shale technology sa kaniya noon, pero because of policies, nagta-transition na rin iyong world energy, bumaba ang investment dito sa kanilang production ng gas. Kaya hindi inaasahan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Usec, ano po iyong long-term plan ng gobyerno para dito? At ano po iyong palagay ninyo dito po sa mga nagmungkahing isuspinde ang excise tax sa langis para raw po mapababa ang presyo nito? Ganito rin po iyong tanong from GMA News, na marami raw pong nananawagan para sa suspensiyon ng excise tax at VAT sa fuel products. May magagawa po ba ang DOE para mai-lobby ito sa Congress?

**DOE USEC. ERGUIZA:** Opo, Usec. Rocky. Gusto ko lang i-emphasize 'no, hindi ba nagkaroon tayo ng problema noong October, and as early as October, five to six months ago, sumulat na po kami sa Kongreso at sinabi namin at hiningi na i-amend ang Oil Deregulation Law, number one, and number two, i-suspend ang excise tax kapag umabot na po ng $80 per barrel. Ito ay dininig ho sa Lower House noong October, around three times ho sa Lower House. At ang Lower House ay nagpalabas ng TWG report, binigay sa committee, pero naabutan po ng recess ng Congress. Naka-pending ho ito sa Kongreso.

At doon ho naman sa Senate, nag-submit ho kami ng sulat din, the same content, the amendment of Oil Deregulation Law and addressing the excise tax po, mabigyan ang

government po ng kapangyarihan na i-address natin ang mga sitwasyon na ito. Pero doon sa Senate ho, wala pang hearing ho na na-set noon. Mayroon silang mga ibang inuna na mga kailangan nilang tapusin.

So nais ko lang pong liwanagin, as early as October po, kami po ay nanawagan na at actually, nauna kaming nanawagan, officially through our letters asking that the Oil Deregulation Law be amended and the excise tax be suspended.

Kaya itong halalan na ito, magandang pagkakataon ho na tanungin ho natin din at mabigyan tayo ng timeline ang mga kasama ho natin sa gobyerno at mga tumatakbo, ano ba iyong timeline para ma-address ho itong mga hinihingi o posible ba na ma-amend natin ito, mabigyan ang gobyerno ng power/authority to attend to this kind of situations po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, may dagdag pong tanong mula sa GMA News. Pati raw po sa LPGs, sumisipa na rin iyong presyo. By how much ang expected daw po? At ano po ang relief sa consumers?

**DOE USEC. ERGUIZA:** Opo. All of these prices, sabi ko ang una, talagang dependent sa world market price. Totoo po na ang LPG ay tumataas na rin po at ang presyo na sinabi ng isang organisasyon, na monitoring body, ito iyong Platts. Sinabi ho na ang expectation nila ay baka umabot ito ng $120 per barrel. Doon sa hiningi natin sa Congress, sana na-suspend na iyan pagpatak pa lang ng 80 'no, kasi nag-umpisa tayo sa below 80.

So ang DOE po ay nakikipag-ugnayan din sa mga oil companies kung puwedeng makapagbigay ng discount dito sa mga cost ng mga oil products. At marami na ring nag-respond na oil companies. At iyong mga discounts po, makikita po iyan sa website ho ng Department of Energy.

Pangalawa po, pursuant to the social amelioration program of the government ay mayroon po iyong Pantawid Pasada na around 2.5 billion na being administered by the LTFRB. At pangatlo, ang Department of Agriculture po mayroon din ho iyong programs for farmers and fisher folks. So makipag-ugnayan din ho sa DA, sa LTFRB how they will be able to have these benefits.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, posible pa raw pumalo, tama po ba ito, sa $130 per barrel ang presyo ng langis? Kapag ito ay natuloy – dahil ito sa dispute dito sa Russia at Ukraine – magkano po kaya iyong posibleng madagdag sa kada litro ng langis dito sa Pilipinas? May mga nagsasabi baka umabot tayo ng isang daan?

**DOE USEC. ERGUIZA:** Well, unang-una po, iyong projection ho na as far as the DOE is concerned is 120 'no. So siyempre nakakatakot din kapag umabot na ng 130 dollars per barrel iyan. Ngayon, equivalent ho niyan sa liters, ngayon po on the average, pagdating po sa gasolina ay umaabot na ng mga 66 ang average 'no. Pagdating ho sa diesel, umaabot na ng 59.

Kapag ito ho ay umabot sa 120, ang projection ho na naku-compute po namin ay pagdating sa diesel, aabot iyan ng mga 73, pagdating sa gasolina 77. So hindi naman aabot iyan ng daan-daan kasi at a level of 120, ganoon ho iyong mga presyo na napu-project po.

Pero sana ho, ang hinihingi natin sa mga kababayan ay siguro, may kasabihan naman diyan, what goes up must come down. Bababa at bababa rin iyan. We advise them that at the meantime habang nandito sa ganitong situation, we avoid unnecessary travels.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, may balita po ba ang DOE tungkol naman dito sa fuel subsidy program ng pamahalaan? Kailan po kaya ito makakarating dito sa mga apektado nating kababayan?

**DOE USEC. ERGUIZA:** It is being administered, nasa sa LTFRB. They did the guidelines. Hopefully ho iyong programa na iyan is being implemented or about to be implemented. Kasi umpisa pa lang ho ng taon, ang budget niyan is for 2022 po.

At maidagdag ko lang po pala, Usec. Rocky, na-mention iyong Russia and Ukraine conflict. Gusto ko lang sabihin na ang Pilipinas ho ay hindi direct nag-i-import sa Russia. So kung ano man iyong matitigil na supply dito, wala ho tayo directly kinukuha sa Russia.

Pangalawa po, ang China though, South Korea and Japan are importing from Russia. And these three countries are supplying dito po sa Philippines, indirectly, mayroong epekto po. Pero ang significant kasi sa Ukraine, may pipeline dito na dinadaanan ng supply ng Russia papuntang Eastern Europe. So ito maaapektuhan talaga dahil dadaan sa Ukraine. Pero ang supply po na pumupunta naman sa Asia-Pacific is through vessels, number one; and number two, may pipeline din doon sa China. At alam din natin ang relationship ng China kasi at saka sa Russia.

So basically, directly, wala namang direct impact po sa atin. At nakikita natin na iyong supply or distribution line papunta sa Asia-Pacific ay hindi apektado. Ang isang concern lang diyan, siyempre, iyong hindi masu-supply sa Europe ay kukuha siya sa ibang lugar, eh makikipag-compete ito sa buong supply na pangangailangan ng buong mundo.

But generally po, ang supply, wala naman tayong problema, secured naman tayo dito sa Pilipinas. Tatamaan lang talaga tayo dito sa presyo because kagaya ng sabi ko, we are dependent on the world market price.

Thank you po, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat din po sa iyo, Usec, sa mga impormasyon, Undersecretary Gerardo Erguiza, Jr. mula po sa Department of Energy.

**DOE USEC. ERGUIZA:** Thank you po.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, hinatiran din ng ayuda ng tanggapan ni Senator Bong Go kasama na ang ilang ahensiya ng pamahalaan ang mga residenteng nasunugan sa Barangay San Roque sa Zamboanga City kamakailan. Tiniyak din ng Senador na mapapalakas ang Bureau of Fire Protection sa pamamagitan ng BFP modernization Act. Narito ang report:

[VTR]

**USEC. IGNACIO:** Puntahan naman po natin ang mga balitang nakalap ng Philippine Broadcasting Service. Magbabalita si John Mogol mula sa PBS-Radyo Pilipinas:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo, John Mogol ng PBS Radyo Pilipinas.

Maraming salamat po sa ating mga partner agencies para sa kanilang suporta sa ating programa at maging ang Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP).

At dito na po nagtatapos ang ating programa sa araw na ito. Ako po si Usec. Rocky Ignacio, hanggang bukas pong muli dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

##

--
*News and Information Bureau-Data Processing Center*